Paraan ng pagbubukod at pagtapon ng basura
at mga bagay na maaaring i-recycle

# Plastik na maaaring i-recycle

isang beses bawat linggo
Mga bagay na maaaring i-recycle

## Tungkol sa plastik na maaaring i-recycle

Ito ang mga bagay na gawa sa plastik at mga lalagyan at paketeng gawa sa plastik na hindi aabot sa 50 cm ang pinakamahabang panig.
Nasasakop ito kapag karamihan sa materyales nito ay gawa sa plastik kahit walang plastic mark.

**Mga gamit sa kusina**



lalagyan para sa pag-imbak, kubyertos, at iba pa

**gamit sa paglalaba**



clothespin, basket, at iba pa

**gamit sa paliguan, washroom**



sipilyo, palanggana, at iba pa

**stationery**



ruler, clear file, at iba pa

**tray**



lalagyan ng karne at isda, lunch box

**cup, pakete**



lalagyan ng cup noodles, itlog, at iba pa

**bote**



lalagyan ng detergent, shampoo at iba pa

**tube**



lalagyan ng mayonnaise, ketchup, at iba pa

Nasasakop din ang iba pang pang-araw-araw na gamit, takip (cap), plastic bag, film, cushion material, lambat (net) at iba pa.

## Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang plastik na maaaring i-recycle

Ang sumusunod na mga bagay ay hindi maaaring itapon sa recycling facility dahil maaari ito maging sanhi ng pinsala, sunog, pagkasira ng pasilidad o di kaya'y maging hadlang sa pag-recycle

**Mga bagay na tumatakbo gamit ang kuryente o baterya**



orasan, hair dryer, laruan, at iba pa (maliliit na bagay na gawa sa metal)

**Matulis na bagay**



gunting, cutter, at iba pa (maliliit na bagay na gawa sa metal)

**Mga bagay na may nakakabit na magnet**



magnet, at iba pa (maliliit na bagay na gawa sa metal)

**Siguruhing huwag ilagay sa supot ang anumang produkto na may lithium-ion battery**



smartphone, heated/electronic cigarette, mobile battery, at iba pa

**Mga bagay na may panganib na masunog**



lighter, at iba pa (karaniwang basura, maliliit na bagay na gawa sa metal)

**Mga bagay na kumakalat**



bead cushion, at iba pa (karaniwang basura)

**Reinforced plastic**



helmet, at iba pa (karaniwang basura)

Iba pa (mga bagay na maaaring makahawa (antigen test kit, at iba pa (karaniwang basura)), hypodermic needle (medical waste mula sa tahanan), tela (group collection para sa mga bagay na maaaring i-recycle, karaniwang basura), mga bagay na gawa sa goma (karaniwang basura), mga bagay na gawa sa plastik na 50 cm o higit pa ang pinakamahabang panig (malalaking basura).

# Paraan ng pagtapon

- Gamitin lahat ang laman, banlawan nang bahagya o punasan ang dumi, at ilagay sa isang transparent o semi-transparent na supot bago itapon.
- Pakitapon sa itinakdang "pook ng koleksiyon para sa mga bagay na maaaring i-recycle" hanggang 8:00 ng umaga sa araw ng koleksiyon.



Banlawan nang bahagya

(*Gamitin ang natirang tubig na ginamit sa paghugas ng mga pinggan.)

o



punasan ang dumi

→



Ilagay sa isang transparent o semi-transparentna supot bago itapon

Ang label o etiketang mahirap tanggalin ay maaaring kulektahin kahit nakadikit. (Pakitanggal ang mga etiketang maaaring tanggalin.)



Kapag hindi maalis ang dumi, maaaring tanggalin lang ang laman at gamitin lahat ang nasa loob nito.



Kinukulekta din ang mga bagay na matapang ang amoy. (Pakibanlawan nang bahagya bago itapon.)



## Pakiusap sa pagtapon

- Para sa mahahabang bagay o mga bagay na lumalaki kapag inilatag, putulin sa habang hindi aabot sa 50 cm. (Itapon kabilang sa karaniwang basura kapag hindi maaaring putulin.)



Pising gawa sa plastik, at iba pa




Picnic sheets, at iba pa

- Iwasan ang paggamit ng doble o tripleng supot sa pagtapon.



- Kapag madaling baklasin, pakibukod ang mga ito bago itapon.

**Ballpen na hindi nagamit nang husto, at iba pa**




Kaha ng ballpen à plastik na maaaring i-recycle, laman. Tingga ng ballpen à karaniwang basura
*Itapon kabilang sa mga plastik na maaaring i-recycle kapag hindi maaaring baklasin

**Video tape, cassette tape, at iba pa**




Kaha ng tape (labas) à plastik na maaaring i-recycle. Tape à karaniwang basura
*Itapon kabilang sa karaniwang basura kapag ang tape ay nabuhol sa loob ng kaha o device

**Pag-imbak sa loob ng tahanan**

Sa "pagtanggal sa mga puwang", nagagawang paliitin ang laki ng mga plastik na maaaring i-recycle, nagiging madali ang pag-imbak at pagtapon ng mga ito.





Paliitin o gawing compact ang laki sa pamamagitan ng pagsalansan o pagputol!



Maaaring gawing compact ang bagay na hugis supot sa "pagtali" o "pagtupi" nito.